1

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa *Good Manners and Right Conduct* (GMRC)

Kuwarter 1

Linggo 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo sa Pagsusulat**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Joyce F. Orillosa |
| **Content Reviewer:** | Melynda T. Andres, Joselita B. Gulapa, Juliet P. Quezon |
| **Illustrator:** | Jay Michael A. Calipusan |
| **Layout Artist:** | Angeline E. Liwanag |

**Management Team**


Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Markahan at Linggo: | Unang Markahan at Ikaapat na Linggo |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilallaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid. | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang paraan ng pag-iimpok at pagtitipid upang malinang ang pagiging matiyaga. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging matiyaga sa pamamagitan ng palagiang pagtatabi ng mga naipong pera sa alkansiya o mga gamit sa lagayan<br>a. Natutukoy ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid ayon sa sariling kakayahan<br>b. Naisasaalang-alang ang sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang kaniyang pangangailangan<br>c. Nailalapat ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid (hal. pagtatabi ng pera o gamit sa paaralan) | | | |
| *D. Mga Layunin* | Nakakikilala ng mga paraan ng **pagtitipid** ayon sa sariling kakayahan | Naiisa-isa ang mga paraan ng **pagtitipid** ayon sa sariling kakayahan | Nailalapat ang mga paraan ng **pagtitipid** (hal. maayos na paggamit ng mga kagamitan sa paaralan) | Naipakikita ang pagiging matiyaga sa pamamagitan ng palagiang pagtatabi ng mga naipong pera sa alkansiya o mga gamit sa lagayan<br>*SEL:Responsible decision making/Reflecting* |
| | Natutukoy ang sariling paraan ng pagtitipid na | Naipahahayag ang sariling paraan ng pagtitipid na | Naipaliliwanag ang sariling paraan ng pagtitipid na | Naisasaalang-alang ang sariling paraan ng pagtitipid |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | makatutulong upang matugunan ang kaniyang pangangailangan | makatutulong upang matugunan ang kaniyang pangangailangan | makatutulong upang matugunan ang kaniyang pangangailangan | na makatutulong upang matugunan ang kaniyang pangangailangan |
| *E. Lilinanging Pagpapahalaaga* | **Matiyaga (Perseverance)** | | | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Sariling Paraan ng Pagtitipid** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide |
| *B. Iba pang Kagamitan* | • Meta cards/strips na may nakasulat na lapis, papel, kuwaderno, pagtitipid at matiyaga.<br>• Awit<br>• Larawan ng mga kagamitan sa pag-aaral tulad ng lapis, papel, notebook, bag, at iba pang kaugnay nito | • Meta cards/strips na may nakasulat na tubig, kuryente, pagkain, pagtitipid at matiyaga.<br>• Awit<br>• Tula<br>• Komiks strip | • Meta cards/strips<br>• Awit<br>• Tatlong Sobre na may nakalagay na tanong<br>• Tula | • Meta cards/strips<br>• Awit<br>• Tula |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **1. Pagbati**<br>• Sabihin: *Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat!* | **1. Pagbati**<br>• Sabihin: *Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat!* | **1. Pagbati**<br>• Sabihin: *Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako* | **1.Pagbati**<br>•Sabihin: *Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat!* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • *Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos)*<br><br>*Awit:*<br>*Sampung mga daliri*<br>*Kamay at paa*<br>*Dalawang mata*<br>*Dalawang tainga*<br>*Ilong na maganda*<br>*Maliliit na ngipin*<br>*Masarap kumain*<br>*Dilang maliit nagsasabing*<br>*Huwag kang magsinungaling*<br><br>**2. Balik-aral**<br><br>Itanong:<br>*Ano ang mga sariling paraan ng pag-iimpok na iyong ginagawa upang may magamit sa pangangailangan?*<br>*Bakit mahalaga ang pagiging matiyaga sa pag-iimpok?* | • *Kumusta kayo? Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Ma*<br>• *aaring awitin nang may pagkilos.)*<br><br>*Awit:*<br>*Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)*<br>*Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)*<br>*Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla*<br>*Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)*<br><br>**2. Balik-aral**<br><br>Sabihin:<br>*Humanap ng kapareha/partner at pag-usapan ang sariling paraan ng pagtitipid. Pagkatapos ay magpalitan naman ng pagkakataong maisa-isa ang sariling paraan ng pagtitipid.*<br><br>Itanong sa mga mag-aaral: | *sapagkat narito kayong lahat!*<br>• *Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos.)*<br><br>*Awit:*<br>*Kumusta ka!*<br>*Halina't magsaya!*<br>*Pumalakpak, pumalakpak*<br>*Ituro ang paa*<br>*Padyak sa kanan,*<br>*Padyak sa kaliwa*<br>*Umikot ka, umikot ka't humanap ng iba.*<br><br>**2. Balik-aral**<br><br>Sabihin:<br>*Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon?*<br><br>Ipabigkas muna ang tula na pinamagatang **Ako ay Magtitipid.** | • *Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos.)*<br><br>Awit:<br>*Ako ay may lobo*<br>*Lumipad sa langit*<br>*`Di ko na nakita*<br>*Pumutok na pala*<br>*Sayang ang pera ko*<br>*Binili ng lobo*<br>*Sa pagkain sana*<br>*Nabusog pa ako.*<br><br>**2. Balik-aral**<br>Sabihin:<br>*Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon?*<br><br>Sa pagkakataong ito, ipabigkas ang tula na may pamagat na "Ako ay Magtitipid".<br><br>Itanong:<br>*Ano ang natutuhan mo sa dula-dulaan na isinagawa natin kahapon?*<br><br>*Tiyakin na maipaliwanag at maisaalang-alang ang* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *(Tumawag ng ilang mag-aaral na tutugon.)*<br><br>**3. Pagganyak**<br>• Ipakita ang larawan<br><br>• Sabihin:<br>*Ano ang nakikita ninyo sa larawan? (Tumawag ng mga mag-aaral na tutugon. Maaaring sagot ay lapis,* | *Naisa-isa ba ng iyong kamag-aral/kapartner ang sariling paraan ng pagtitipid?*<br><br>*Mahusay kayo sapagkat naiisa-isa ninyo ang sariling paraan ng pagtitipid.*<br>*Kaya naman palakpakan ninyo ang inyong sarili ng limang palakpak!*<br><br>**3. Pagganyak**<br><br>*Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto.*<br>• *Umupo nang maayos.*<br>• *Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi.*<br>• *Makinig nang mahusay sa guro.*<br>• *Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.*<br><br>*Handa na ba kayo?*<br><br>*Tayo ngayon ay maglalaro.*<br><br>**Gawain 1: Suriin mo.**<br>(Makikita rin ito sa *Learning Activity Sheet*.) | *Sa pagkakataong ito ay punan ang mga patlang ng nawawalang mga salita. (Gawin ito nang pasalita. Tumawag ng ilang mga mag-aaral na tutugon.)*<br><br>**Ako ay <u>Magtitipid</u>**<br><br>**Ang pagtitipid ay mahalaga**<br>**<u>Matalinong</u> paggamit ng <u>tubig</u> at <u>kuryente</u> ay isasagawa**<br>**Maging sa <u>pagkain</u>, kumuha ng sapat**<br>**Walang maaksaya iyan ang dapat**<br><br>*Mahusay kayo sapagkat natatandaan ninyo ang ating tula na may pamagat na "Tayo ay Magtitipid".*<br><br>*Kaya naman, palakpakan ninyo ang inyong sarili ng sampung palakpak!*<br><br>*Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu!* | *sariling paraan ng pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan.*<br><br>*Mahusay kayo sapagkat natukoy na ninyo ang mga paraan ng pagtitipid!*<br>*Kaya naman palakpakan ninyo ang inyong sarili ng sampung beses!*<br><br>*Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu!*<br><br>**3. Pagganyak**<br><br>*Bago natin ipagpatuloy ay alamin muna natin ang ating pamantayan sa pagkatuto tulad ng:*<br>• *Umupo nang maayos.*<br>• *Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi.*<br>• *Makinig nang mahusay sa guro.*<br>• *Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.*<br><br>*Handa na ba kayo sa ating pag-aaral?* |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>papel, notebook, krayola, pambura o eraser, at bag)<br><br>Mahusay!<br>Sino sa inyo ang mayroong ganitong mga kagamitan?<br>(Tumawag ng mag-aaral na ilalarawan ang kaniyang gamit.)<br><br>Bago natin ipagpatuloy ang ating talakayan ay alamin muna natin ang ating pamantayan upang matuto.<ul><li>Umupo nang maayos.</li><li>Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi.</li><li>Makinig nang mahusay sa guro.</li><li>Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.</li></ul>Handa na ba kayo para ipagpatuloy ang ating talakayan?<br><br>(Tiyaking nakahandang mabuti ang mga mag-aaral.)</td>
<td>Panuto: Hanapin at ituro sa loob ng malaking parihaba o word puzzle ang mga salitang nasa meta cards/strips.<br><br>
<table>
<tr><td>1. TUBIG</td></tr>
<tr><td>2. KURYENTE</td></tr>
<tr><td>3. PAGKAIN</td></tr>
<tr><td>4. PAGTITIPID</td></tr>
<tr><td>5. MATIYAGA</td></tr>
</table><br>
<table>
<tr><td>M</td><td>K</td><td>T</td><td>U</td><td>B</td><td>I</td><td>G</td><td>M</td><td>V</td></tr>
<tr><td>A</td><td>U</td><td>P</td><td>G</td><td>H</td><td>Y</td><td>L</td><td>N</td><td>P</td></tr>
<tr><td>T</td><td>R</td><td>A</td><td>B</td><td>G</td><td>K</td><td>K</td><td>O</td><td>K</td></tr>
<tr><td>I</td><td>Y</td><td>G</td><td>K</td><td>L</td><td>W</td><td>A</td><td>P</td><td>L</td></tr>
<tr><td>Y</td><td>E</td><td>T</td><td>I</td><td>P</td><td>O</td><td>N</td><td>Q</td><td>U</td></tr>
<tr><td>A</td><td>N</td><td>I</td><td>L</td><td>M</td><td>N</td><td>S</td><td>R</td><td>O</td></tr>
<tr><td>G</td><td>T</td><td>T</td><td>Q</td><td>R</td><td>S</td><td>Y</td><td>S</td><td>T</td></tr>
<tr><td>A</td><td>E</td><td>I</td><td>U</td><td>V</td><td>W</td><td>A</td><td>T</td><td>D</td></tr>
<tr><td>U</td><td>V</td><td>P</td><td>A</td><td>G</td><td>K</td><td>A</td><td>I</td><td>N</td></tr>
<tr><td>X</td><td>Y</td><td>I</td><td>A</td><td>B</td><td>C</td><td>D</td><td>E</td><td>F</td></tr>
<tr><td>Z</td><td>W</td><td>D</td><td>G</td><td>H</td><td>I</td><td>J</td><td>K</td><td>L</td></tr>
</table><br>
Mahusay kayo sapagkat nahanap ninyo ang mga salitang nasa meta cards/strips.<br>Kaya naman palakpakan ninyo ang inyong sarili ng sampung palakpak!</td>
<td>3. Pagganyak<br><br>Bago natin ipagpatuloy ay balikan muna natin ang ating pamantayan sa pagkatuto tulad ng:<ul><li>Umupo nang maayos.</li><li>Iwasan muna ang makipag-usap sa katabi.</li><li>Makinig nang mahusay sa guro.</li><li>Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.</li></ul>Handa na ba kayo?<ul><li>Ipakita ang mga larawan.</li></ul>Gawain 1. Suriin Mo.<br>(Makikita rin ito sa Learning Activity Sheet.)<br>Panuto: Tingnan ang mga larawan at sagutin nang pasalita ang mga tanong.</td>
<td><ul><li>Ilahad ang gawain na may pamagat na Hulaan Mo.</li></ul>Sabihin:<br>Magkakaroon tayo ng gawain na Hulaan Mo.<br><br>Tukuyin kung anong angkop na salita ang ipahahayag.<br><br>Makinig nang mabuti sa aking babasahin.<br>• Ito ay nagbibigay ng lakas at nutrisyon upang mapanatiling malusog ang ating katawan. (pagkain)<br>• Ito ay malinaw, walang kulay at walang lasa na likido na iniinom natin upang manatiling malusog at masigla ang katawan. Ito rin ang ginagamit natin sa pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo, paghuhugas ng kamay, pagluluto, at iba pang mga gawain. (tubig)<br>• Ito ay mahalagang enerhiya na nagbibigay ng ilaw, nagpapatakbo ng mga gamit sa bahay, at nagpapagana ng maraming bagay na ginagamit natin araw-araw. (kuryente)</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | <br><br>Tanong:<br>1. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng mga batang nagtitipid?<br>2. Mahalaga ba ang pagtitipid? Bakit?<br>3. Nais mo bang tularan ang mga bata sa larawan? Bakit? | (Tumawag ng mga mag-aaral para sumagot nang may tiwala sa sarili.) |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ipaskil sa pisara/ *board* ang *meta cards/strips* na may nakasulat na mga salitang lapis, papel, kuwaderno, pagtitipid, at matiyaga.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Sa araw na ito inaasahang makikilala ninyo ang mga paraan ng pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan.*<br><br>*Narito ang mga salitang makatutulong upang maunawaan ang ating*<br>**Pagtitiyaga**<br>**Pagtitipid**<br>**Papel**<br>**Kuwaderno**<br>**Lapis**<br>*aralin.*<br>*Masaya nating alamin ang mga paraan ng pagtitipid!* | Ipaskil sa pisara/ board ang meta cards/strips na may nakasulat na mga salitang pagkain, tubig, kuryente, pagtitipid, at matiyaga.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Sa araw na ito, kayo ay inaasahang makatutukoy ng mga paraan ng pagtitipid ayon sa inyong sariling kakayahan at inyong maipahahayag ang sariling paraan ng pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang inyong pangangailangan.*<br><br>*Masaya nating tukuyin ang mga sariling paraan ng pagtitipid na nalilinang ang pagiging matiyaga!* | Ipaskil sa pisara/ board ang meta cards/strips na may nakasulat na mga salitang lapis, papel, kuwaderno, pagkain, tubig, kuryente, pagtitipid, at matiyaga.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Sa araw na ito, inaasahang inyong mailalapat ang mga paraan ng pagtitipid (hal. pagtatabi ng pera) at maipaliliwanag ang inyong sariling paraan ng pag-titipid na makatutulong upang matugunan ang inyong pangangailangan.*<br><br>*Masaya nating ilapat at ipaliwanag ang kahalagahan ng pagtitipid na nalilinang ang pagiging matiyaga!* | Ipaskil sa pisara/ *board* ang *meta cards/strips* na may nakasulat na mga salitang pera, alkansiya, impok, ipon at matiyaga.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Sa araw na ito, inaasahang inyong maipakikita ang pagiging matiyaga sa pamamagitan ng palagiang pagtatabi ng mga gamit. Halimbawa ay mga gamit sa paaralan at iba pang kaugnay nito na ayon sa kakayahan.*<br><br>*Masaya nating ipakita at isaalang-alang ang kahalagahan ng pag-iimpok na nalilinang ang pagiging matiyaga!* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | Paghahawan ng mga Balakid *(Unlocking of Difficulties)*<br><br>**Pangkatang Gawain: Pagbuo ng *Puzzle***<br>Pangkatin ang klase sa limang (5) pangkat.<br>Bawat pangkat ay bibigyan ng *envelope* na naglalaman ng *puzzle*.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Tayo ngayon ay maglalaro.*<br>*Ang pamagat ng ating laro ay:* ***Tayo ay Magtipid*** (Ipabigkas sa mga mag-aaral ang pamagat ng laro.)<br>*Narito ang mga panuto na dapat sundin:*<br>***Una****, may ibibigay akong envelope sa bawat pangkat.*<br>***Ikalawa****, bubuoin ninyo ang puzzle.*<br>***Ikatlo****, matapos mabuo ang puzzle ay tutukuyin ninyo ang mensahe ng larawan.*<br><br>*Malinaw ba ang aking nabanggit?* | Paghahawan ng mga Balakid *(Unlocking of Difficulties)*<br><br>Ipaskil ang mga salitang nasa meta cards/strips sa pisara/board.<br><br>*PAGKAIN*<br>*TUBIG*<br>*KURYENTE*<br>*PAGTITIPID*<br>*MATIYAGA*<br><br>Sabihin:<br>1. *Makinig nang mabuti sa aking sasabihin na mga pangungusap.*<br>2. *Tukuyin kung alin sa mga nakasulat sa meta cards ang hinihingi.*<br>3. *Itaas ang kanang kamay kung nais sagutin at pumalakpak ng 3 beses bago sagutin.*<br><br>*Handa na ba kayo?*<br><br>• *Ang kakayahang magpatuloy sa paggawa ng isang bagay sa kabila ng* | Paghahawan ng mga Balakid *(Unlocking of Difficulties)*<br><br>**Pangkatang Gawain: Dula-dulaan**<br><br>(Gabayan ang mga mag-aaral sa gagawing dula-dulaan.)<br><br>(Pangkatin ang klase sa 5 pangkat.)<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Tayo ngayon ay magkakaroon ng maikling dula-dulaan.*<br><br>*Narito ang sitwasyon:*<br>***Narrator****:* Pagkatapos ng *recess* ay nagsimula na sa pag-aaral sa GMRC ang klase ni Bb. Perez.<br><br>***Bb. Perez****: Mga bata ang paksa ng ating aralin ngayon ay tungkol sa mga sariling paraan ng pagtitipid. Handa na ba kayo para sa ating pag-aaral?*<br><br>***Buong klase****: Opo, Bb. Perez.* | Paghahawan ng mga Balakid (*Unlocking of Difficulties)*<br><br>Ipaskil sa pisara/board ang mga salitang nasa *meta cards/strips.*<br><br>*PAGTITIPID*<br>*PAPEL*<br>*TUBIG*<br>*PAGKAIN*<br>*MATIYAGA*<br><br>Ipaliwanag ang panuto sa Gawain.<br><br>**Panuto:**<br>*1. Makinig nang mabuti sa aking sasabihin na mga pangungusap.*<br>*2. Tukuyin kung alin sa mga nakasulat sa meta cards ang inyong sagot.*<br>*3. Itaas ang kaliwang kamay kung nais sagutin at pumalakpak ng 5 beses bago sagutin.*<br><br>*Handa na ba kayo?* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | (Tiyakin na lahat ng mag-aaral ay kabilang sa bawat pangkat.)<br>*Gawin na natin.*<br>*Handa na ba kayo?*<br><br>**Gawain 1: Suriin mo.**<br>(Makikita rin ito sa *Learning Activity Sheet*.)<br>Panuto: Tingnang mabuti ang mga larawan at sagutin natin ang sumusunod na mga tanong.<br><br>*1.*<br><br><br>*2.*<br><br>*3.* | *mga hadlang. Anong pagpapahalaga ang tinutukoy? (matiyaga)*<br>• *Ito ay nagbibigay ng lakas at nutrisyon upang mapanatiling malusog ang ating katawan. (pagkain)*<br>• *Ito ay malinaw, walang kulay at walang lasa na likido na iniinom natin upang manatiling malusog at masigla ang katawan. Ito rin ang ginagamit natin sa pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo, paghuhugas ng kamay, pagluluto at iba pang mga gawain. (tubig)*<br>• *Ito ay mahalagang enerhiya na nagbibigay ng ilaw, nagpapatakbo ng mga gamit sa bahay, at nagpapagana ng maraming bagay na ginagamit natin araw-araw. (kuryente)*<br>• *Ito ay gawi o pagkilos nang maingat at matalinong paggamit ng mga yaman o* | ***Narrator:*** Maayos na umupo at nakinig nang mabuti ang mga mag-aaral.<br><br>**Bb. Perez**: Sino sa inyo ang marunong magtipid? Paano mo ito naipakikita sa inyong tahanan? Tumaas ng kanang kamay ang nais sumagot.<br><br>***Ron:*** (Itataas ang kanang kamay) *Ako po Ma'am, kapag hindi na po ginagamit ang ilaw, telebisyon, o electric fan ay ako po ang taga-switch off. Kailangan ko pong gawin ang mga iyon para hindi tumaas ang konsumo namin sa kuryente.*<br><br>**Bb. Perez**: *Mahusay Ron, sino pa ang marunong magtipid? Pakinggan naman natin si Liz.*<br><br>***Liz:*** (Itataas ang kanang kamay) *Ma'am kapag tinutulungan ko pong maghugas ng plato ang aking ate ay gumagamit kami ng palanggana at hindi namin pinaglalaruan ang tubig. Iniipon po namin ang pinagbanlawan para ipangdilig sa aming mga halaman. Kaya naman* | • *Ang kakayahang magpatuloy sa paggawa ng isang bagay sa kabila ng mga hadlang. Anong pagpapahalaga ang tinutukoy?* (matiyaga)<br>• *Ito ay nagbibigay ng lakas at nutrisyon upang mapanatiling malusog ang ating katawan.* (pagkain)<br>• *Ito ay malinaw, walang kulay at walang lasa na likido na iniinom natin upang manatiling malusog at masigla ang katawan. Ito rin ang ginagamit natin sa pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo, paghuhugas ng kamay, pagluluto, at iba pang mga gawain.* (tubig)<br>• *Ito ay gamit sa paaralan na dapat gamitin ang magkabilang bahagi ng papel bago ipunin upang maipagbili.* (kuwaderno)<br>• *Ito ay maingat at matalinong paggamit ng mga yaman o resources upang maiwasan ang pag-aaksaya at magkaroon ng ipon para sa hinaharap.* (pagtitipid) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>4.<br><br>5.<br><br>*Itanong:*<br>1. *Sa limang larawan, alin ang pinakagusto mo?*<br>2. *Bakit mo pinili ang larawang iyon?*<br>3. *Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang pag-iingat sa inyong mga gamit sa pag-aaral?* | *resources upang maiwasan ang pag-aaksaya at magkaroon ng ipon para sa hinaharap. (pagtitipid)*<br><br>*Mahusay kayong lahat, nakasunod kayo sa panuto at tama ang inyong mga tugon!*<br><br>*Palakpakan ng sampung palakpak ang inyong sarili!*<br><br>*Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu!* | *mababa lamang ang halaga ng binabayaran namin sa tubig.*<br><br>***Bb. Perez:*** *Mahusay Liz! Paano mo naman ginagawa ang pagtitipid sa mga gamit sa paaralan? Pakinggan natin si Sam.*<br><br>***Sam:*** (Itinataas ang kanang kamay) *Iniingatan ko po ang aking lapis, papel, kuwaderno, at iba pang gamit. Inilalagay ko sa tamang lalagyan para hindi masira agad. Maiipon ko pa po ang perang ipambibili ng mga ito.*<br><br>***Bb. Perez:*** *Tama ang inyong mga sagot. Kung ganoon, ano ba ang kahulugan ng pagtitipid?*<br><br>***Ron:*** *Ang pagtitipid po ay maingat at matalinong paggamit ng mga yaman o resources upang maiwasan ang pag-aaksaya at magkaroon ng ipon para sa hinaharap.*<br><br>***Bb. Perez:*** *Mahusay ang iyong tugon Ron! Sa pagkakataong ito ay kunin ang inyong batayang aklat* | *Mahusay kayong lahat. Nakasunod kayo sa panuto at tama ang inyong mga tugon!*<br><br>*Palakpakan ng sampung bese ang inyong sarili!*<br><br>Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu! |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Sabihin:*<br>*Mahusay kayong lahat sa ating larong pinamagatang* ***Tayo ay Magtipid!***<br>*Alam ba ninyo na ang* ***pagtitipid*** *ay maingat at matalinong paggamit ng mga yaman o resources upang maiwasan ang pag-aaksaya at magkaroon ng ipon para sa hinaharap?*<br>*Ito ay hindi lamang limitado sa pera kundi pati na rin sa iba pang bagay tulad ng gamit sa paaralan.*<br>*(Tumawag ng mga mag-aaral upang magkuwento tungkol sa kanilang ginagawang pagtitipid.)*<br><br>*Palakpakan ng sampung beses ang inyong sarili!*<br><br>*Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu!* | | *sa GMRC at buksan sa pahina 10. Suriin ang mga larawan.*<br><br>***Narrator***: Nagpatuloy sa pagsusuri ang mga mag-aaral ni Bb. Perez tungkol sa pagtitipid.<br><br>*(Bigyan ng limang minuto ang bawat pangkat upang magsanay. Maaaring magkaroon ng palabunutan para sa pagkasusunud-sunod ng pagpapakita ng bawat pangkat.)*<br>*Mahusay kayong lahat sa sa isinagawang dula-dulaan.*<br><br>*(Maaaring magkaroon ng rubric para sa pangkatang pagmamarka ng guro.)*<br><br>Itanong sa mga mag-aaral:<br>*Ano ang natutuhan ninyo sa ipinakitang dula-dulaan? Ipaliwanag.*<br><br>*Palakpakan ng sampung beses ang inyong sarili!*<br><br>Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu! | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Ipakita ang mga larawan.<br><br>3.<br><br><br>4.<br><br>3.<br><br>4. | Ilahad ang kuwento na may pamagat na "Si Mia".<br><br>*Si Mia*<br>*Si Mia ay batang nasa unang baitang na laging nagsasanay magtipid. Tuwing matatapos niyang gamitin ang ilaw sa kaniyang kuwarto ay tinitiyak niya na naka "switch-off" ito pati na rin ang electric fan. Dahil dito nakatitipid sila ng konsumo. Mababang halaga ang binabayaran ng kaniyang mga magulang sa paggamit ng kuryente.*<br>*Sa tuwing sila ay kakain kumukuha siya ng tamang dami ng kanin at ulam. Dahil dito ay walang naaaksayang pagkain. Sa tuwing siya ay magsisipilyo ay gumagamit siya ng sipilyo, toothpaste, at baso para sa kaniyang tubig at hindi direkta sa gripo.*<br>*Sa pagtulong niya sa kaniyang nanay sa paghuhugas ng pinagkainan ay gumagamit sila ng palanggana. Pinandidilig din nila sa kanilang mga halaman ang mga tubig na pinagbanlawan. Dahil dito ay nakatitipid sila ng tubig at may mga nagagamit pa sa ibang* | *Ipakita ang larawan- (larawang ginamit sa pagganyak, na magiging lunsaran para sa mahalagang pag-unawa tungkol sa aralin)*<br>*Sabihin:*<br> <br><br> <br><br><br><br>Itanong sa mga mag-aaral:<br>1. *Anong mga paraan ang ginagawa ng mga bata upang makapagtipid?*<br>2. *Mahalaga ba ang pagtitipid? Bakit?* | Ipaskil:<br><br>"Sa maliit na hakbang,<br>Nagkakaroon ng pagbabago"<br><br>Sabihin:<br>*Narinig mo na ba ang kasabihang, "<u>Sa maliiit na hakbang, nagkakaroon ng pagbabago</u>"*<br><br>*Ang kasabihan ay payak na pahayag na nagbibibigay ng payo o patnubay sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.*<br>*Madalas mong naririnig ang kasabihang ito sa mga nakatatanda.*<br><br>*Ano nga ba ang mensahe ng kasabihang, "Sa maliit na hakbang, nagkakaroon ng pagbabago"?*<br>*Ito ay may kaugnayan sa pagtitipid, na sa oras ng. kagipitan, ikaw ay may mapagkukunan.*<br><br>Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral para |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>*5.*<br><br>(Mga larawang nabuo sa larong *Tayo ay Magtipid* na magiging lunsaran sa mahalagang pag-unawa tungkol sa aralin, makikita rin sa Learning Activity Sheet, Gawain 1: Suriin mo!)<br>Sabihin:<br>*Nabanggit ko kanina na ang mga nasa larawan ay may kaugnayan sa ating aralin.*<br>*Handa na ba kayong malaman at kilalanin ang mga paraan ng pagtitipid?*<br>*Bago natin isa-isahin ang mga paraan ng pagtitipid ay alamin muna natin ang kahulugan ng pagtitipid.*<br><br>*Ang* ***pagtitipid*** *ay maingat at matalinong paggamit ng mga yaman o resources* | *mga pangangailangan ang pamilya ni Mia.*<br><br>(Magkaroon ng talakayan tungkol sa kuwento na nakapokus sa araling pagtitipid at pagtitiyaga.)<br><br>Itanong:<br>*Tama ba ang ginawa ni Mia sa ating kuwento? Bakit?*<br>*Paano ang ginawa niyang paraan ng pagtitipid?*<br><br>Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot.<br><br>Sabihin:<br>*Mahusay kayong lahat!*<br>*Palakpakan ninyo ang inyong sarili at kamag-aral!* | *3. Nais mo bang tularan ang mga bata sa larawan? Bakit?*<br><br>*Mahusay kayong lahat!*<br>*Palakpakan ninyo ang inyong sarili at kamag-aral!* | magpaliwanag o magkuwento tungkol sa kaniyang karanasan sa kanilang pamilya na may kaugnayan sa kasabihan.) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *upang maiwasan ang pag-aaksaya at magkaroon ng ipon para sa hinaharap.*<br>*Kaya naman,* ***kapag iniingatan ang mga gamit sa paaralan ay nakatitipid sapagkat hindi ka na gagastos upang bumili ulit ng mga ito.***<br>*Narito naman ang mga paraan ng pagtitipid-*<br>*1. Papel:*<br>• *Gamitin ang magkabilang bahagi ng papel bago gumamit ng bagong pahina.*<br>• *Gamitin ang magkabilang bahagi ng papel bago ipunin upang ipagbili.*<br>• *Iwasan ang pagbabalasa (shuffle) ng papel nang hindi mapunit o magusot.*<br>• *Itabi ang mga papel sa isang folder o envelope upang hindi mabasa o mapunit.* | | | |




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • *Mag-recycle ng mga lumang papel na may malilinis pang bahagi upang magamit muli sa pagsusulat o pagguhit.*<br>*2. Lapis:*<br>• *Gumamit ng lalagyan ng lapis upang hindi madaling mawala o mabali.*<br>• *Sikaping magsulat nang tama. Iwasan ang sobrang diin sa pagsulat upang hindi madaling mapudpod o mabali ang lapis.*<br>• *Iwasan din ang sobrang pag-ikot ng lapis sa pantasa upang huwag maputol ang dulo.*<br>• *Huwag kagatin o gawing laruan ang lapis upang huwag masira* | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *3. Kuwaderno*<br>• *Lagyan ng pabalat o plastic cover.*<br>• *Ilagay nang maayos sa lagayan. Huwag ihagis.*<br>• *Huwag punitin ang mga pahina.*<br>• *Gamitin ang mga natitirang pahina ng mga lumang kuwaderno.*<br>(Magkaroon ng talakayan tungkol sa mga paraan ng pagtitipid)<br><br>Itanong:<br>*Sa mga paraan na nabanggit, alin ang nagawa mo na?*<br>*Para sa iyo, mahalaga ba ang pagtitipid? Bakit?*<br>*Sa pagtitipid, mahalaga din ba na maging matiyaga? (Sa pagtitiyaga ay nakatitiyak na maiingatan ang ating mga gamit at maiwasang masira o maaksaya ang mga ito.)* | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Mahusay kayong lahat!*<br><br>*Bago tayo magpatuloy ng ating aralin ay umawit muna tayong lahat ng "Sampung mga Daliri".* | | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | (Basahin ang kuwento sa mga mag-aaral.)<br><br>*Makinig kayong mabuti sa kuwentong aking babasahin. Ito ay may pamagat na "Si Ben".*<br><br>*Si Ben*<br>*Si Ben ay mag-aaral sa unang baitang. Bago pumasok sa paaralan ay nakahanda na ang kaniyang mga gamit. Natutuwa ang kaniyang mga magulang at kaniyang guro sapagkat maingat siya sa kaniyang mga gamit.*<br>*Nasa isip ni Ben na kapag iniingatan ang mga gamit ay mas tatagal ang mga ito. Makatitipid siya dahil hindi na siya bibili pa. Hindi rin siya bumibili ng kuwaderno sapagkat iniipon niya ang mga lumang pahina na* | Sabihin:<br>*Tayo ngayon ay maglalaro. Narito ang mga paraan:*<br>• *Ipapasa natin ang bola habang tayo ay umaawit ng 'Kung Ikaw ay Masaya'.*<br>• *Sa pagtigil ng awit, ang may hawak ng bola ang siyang sasagot sa tanong na aking ipapahayag.*<br><br>*Handa na ba kayo sa ating laro?*<br><br>(Simulan ang awitin at pagpasa ang bola.)<br><br>*Mga Tanong:*<br>*1. Natapos na ang inyong klase at kayo ay pauwi na. Napansin mong naka switch on ang electic fan. Ano ang iyong gagawin? Bakit?*<br>*2. Napansin mong wala nang gumagamit ng ilaw sa* | Sabihin:<br>*Tayo ngayon ay maglalaro. Pakinggan ninyo akong mabuti para sa panuto.*<br>*1. Mayroon akong tatlong (3) sobre may lamang tanong.*<br>*2. Aawit tayo ng 'Kumusta Ka, Halinat Magsaya' habang pinapasa ang bola. Sa paghinto ng ating awit, kung sino ang may hawak ng bola ay siyang may pagkakataong kumuha ng sobre at sagutin ang tanong.*<br><br>*Subukan muna natin bilang pagsasanay.*<br><br>*Handa na ba kayo?*<br><br>Mga tanong na nasa loob ng sobre: | Sabihin:<br>*Tayo ay may gawain Pumalakpak ng limang (5) beses kung tama ang pahayag, itaas ang kanang kamay kung hindi at iwasto ang pahayag.*<br>*1. Iwasan ang sobrang pag-ikot ng lapis sa pantasa upang maiwasan ang pagkaputol ng dulo nito.*<br>*2. Lagyan ng pabalat ang kuwaderno at ilagay sa maayos na lagayan. Huwag ihagis at punitin ang mga pahina.*<br>*3. Aksayahin ang tubig. Paglaruan ito. Huwag gumamit ng palanggana sa paghuhugas ng pinagkainan.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *maayos pa naman at ginagawa nila ng kaniyang kuya na panibagong kuwaderno.*<br>*Ang kaniyang lapis, pambura at pantasa ay mayroon ding lalagyan. Tinitiyak niya na maayos ang mga ito matapos niyang gamitin. Kaya naman, matagal niyang nagagamit ang ang mga ito. Imbis na bibili siya ay naiipon pa niya ang kaniyang pera at nakatutulong siya sa kaniyang mga magulang. Isang paraan din ito ng pagtitipid!*<br><br>*Itanong:*<br>*1. Ano ang mensahe ng kuwentong inyong napakinggan?*<br>*2. Sino sa inyo ang katulad ni Ben na marunong mag-ingat ng gamit sa paaralan?*<br>*3. Bakit dapat ingatan ang mga gamit na papel, lapis, kuwaderno, pantasa at iba pang gamit sa paaralan? Ipaliwanag.* | *inyong sala. Ano ang iyong gagawin? Bakit?*<br>*3. Nakalimutan ng iyong nanay sa isarado ang gripo sa lababo. Ano ang iyong gagawin? Bakit?*<br>*4. Inanyayahan ka ng iyong kaibigan sa kaniyang kaarawan. Napakaraming inihandang pagkain. Pagkakataon mo nang kumuha ng paborito mong adobo. Gaano karami ang iyong kukuning adobo? Bakit?*<br>*5. Nagmamadaling umalis papasok sa opisina ang iyong tatay. Hindi niya na switch off and radyo. Ano ang gagawin mo? Bakit?*<br><br>• Muling talakayin ang kahulugan at kahalagahan ng mga nasabing pagtitipid.<br><br>• Itanong:<br>*1.Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain?*<br>*2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating isinagawang pagtugon at talakayan?* | *1. Bagong bili ang iyong mga kuwaderno. Nais mong tumagal ang mga ito. Ano ang dapat mong gawin?*<br>*2. Panahon ng tag-ulan, papasok ka na sa paaralan. Inaayos mo ang iyong mga gamit. Ano ang dapat mong gawin sa iyong papel para hindi mabasa?*<br>*3. Dumating ang Lola at Lolo mo galing sa ibang bansa. Binigyan ka nila ng limang (5) pirasong lapis. Ano ang dapat mong gawin sa mga lapis na ibinigay sa iyo?*<br><br>• *Maaaring muling talakayin ang kahulugan at kahalagahan ng pagtitipid.*<br>• *Itanong:*<br>*1. Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain?*<br>*2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating isinasagawang pagtugon at talakayan?* | *4. Mag-recycle ng mga lumang papel na may malilinis pang bahagi upang magamit muli sa pagsusulat o pagguhit.*<br>5. *Kahit busog pa ay kumuha ng maraming pagkain at punuin ang pinggan hanggang umapaw ito.*<br><br>Maaaring gawing pang-isahan o *dyad* ang gawain. Tumawag ng mga mag-aaral upang magpahayag ng kanilang mga tugon.<br><br>*Mahusay kayong lahat at naipakikita ninyo na tumitibay at tumatatag ang inyong tiwala sa sarili!*<br><br>*Palakpakan ninyo ang inyong mga kamag-aral at ang inyong sarili!* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Totoong, mahusay ang marunong mag-ingat ng kanilang mga gamit sa paaralan dahil naisasagawa na nila ang pagiging matipid!*<br><br>*Samantalang sa mga hindi pa gumagawa ng pag-iingat sa kanilang mga gamit ay magiging mahusay din kayo kapag sinimulan na ninyo ito ngayon*<br><br>*Palakpakan ninyo ang inyong sarili!* | *3. Bakit mahalaga ang pagtitipid at pagtitiyaga?*<br>*4. Paano mo maisasagawa ang sariling paraan ng pagtitipid? (Inaasahang Sagot: pagiging matiyaga.)* | *3. Bakit mahalaga ang pagtitipid at pagtitiyaga?*<br>*4. Paano mo maisasagawa ang sariling paraan ng pagtitipid? (Inaasahang Sagot: pagiging matiyaga.)* | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Sabihin:<br>*Mahalaga ang pagtitipid at nalilinang ang pagiging matiyaga*<br>*Sa pagkakataong ito ay suriin natin ang mga situwasyon na aking ilalahad. Pagkatapos ay sagutin ang tanong na aking babanggitin.* | Sabihin:<br>*Mahalaga ang pagtitipid at nalilinang ang pagiging matiyaga.*<br><br>*Sa pagkakataong ito, ilahad ang maikling tula*<br><br>**Ako ay Magtitipid**<br><br>**Ang pagtitipid ay mahalaga**<br>**Matalinong paggamit ng tubig at kuryente ay isasagawa**<br>**Maging sa pagkain, kumuha ng sapat**<br>**Walang maaksaya, iyan ang dapat.** | Sabihin:<br>*Mahalaga ang pagtitipid at nalilinang ang pagiging matiyaga.*<br><br>Balikan ang dula-dulaan.<br><br>Sabihin:<br>*Ang mga aral na mapupulot sa dula-dulaan ay "Ang mga maliliit na hakbang ay nagbubunga ng pagbabago."*<br>*(Small steps make big changes.)*<br><br>Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang ibig sabihin ng aral na ito. | Sabihin:<br>*Mahalaga ang pagtitipid at nalilinang ang pagiging matiyaga.*<br><br>Sa pagkakataong ito, guguhit ang mga mag-aaral sa kuwaderno ng kanilang mga gamit na kaya nilang tipirin. Magpakita ng ilang larawan na magiging gabay/halimbawa para sa pagguhit ng mga mag-aaral. |




| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 1. Si Ana ay mag-aaral sa unang baitang. Lagi niyang inilalagay ang kanyang lapis sa *pencil case*. Iniingatan niya ang kaniyang lapis na huwag mahulog upang hindi mabali. Kapag nagtatasa, iniiwasan niya ang sobrang pag-ikot ng lapis sa pantasa upang maiwasan din ang pagkaputol ng dulo. Dahil dito, matagal niyang nagagamit ang kaniyang lapis.<br><br>Tanong:<br>Kung ikaw si Ana, ipagpapatuloy mo ba ang ganitong gawi? Bakit?<br><br>2. Si Mike ay batang matipid. Nag-*rerecycle* siya ng mga kuwaderno. Hindi na siya bumibili ng kuwaderno sapagkat gumagawa sila ng kaniyang kuya Mon ng kuwaderno mula sa mga lumang kuwaderno. Ginagamit nila ang mga natitirang pahina.<br><br>Tanong: | (Gawin ito nang pasalita. Babasahin muna ng guro, pagkatapos ay ang sabayang pagbigkas. Maari ring tumawag ng ilang mga mag-aaral na bibigkas.)<br><br>Itanong:<br>*Ano ang mensahe ng tula? Bakit mahalaga ang pag-pagtitipid? Patunayan/ magkuwento.*<br><br>Tiyakin na ang pagtugon ng mga mag-aaral ay nakapokus sa sariling paraan ng pagtitipid at nalilinang ang pagiging matiyaga. | Itanong sa mga mag-aaral:<br>*1. Batay sa ating dula-dulaan, ano-ano ang mga hakbang na ginawa nila Ron, Liz, at Sam upang makatipid? Ipaliwanag.*<br>*2. Bakit mahalaga ang pagtitipid?*<br>*3. Paano mo mailalapat sa paaralan at tahanan ang paraan ng pagtitipid na iyong natutuhan?*<br><br>Tiyakin na ang pagtugon ng mga mag-aaral ay malinang ang pagiging matiyaga kaugnay ng mga sariling paraan ng pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang kanilang pangangailangan. | <br><br><br><br>Maaaring kulayan at gawing masining ang kanilang iginuhit.<br><br>Tiyakin na ang lahat ng mag-aaral ay gumagawa/ gumuguhit. Gabayan ang mga mag-aaral na nakikitang nahihirapan sa gawain. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Kung ikaw si Mike, ipagpapatuloy mo ba ang ganitong gawi? Bakit?<br><br>Tiyakin na sa pagtugon ng mga mag-aaral ay malilinang ang pagiging matiyaga kaugnay ng mga sariling paraan ng pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan. | | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | (Ipakita ang mga salita at ipaliwanag ang panuto. Gabayan ang mga mag-aaral sa Gawain.)<br><br>**Panuto:** Punan ng letra ang patlang upang mabuo ang salita.<br><br>1. L _P I S<br>2. P A P __L<br>3. K _ W A D E R N O<br>4. M A T I Y __G A<br>5. P A G T I T I P _D<br><br>Susing sagot:<br>1. LAPIS<br>2. PAPEL | (Ipakita ang mga salita. Ipaliwanag ang panuto. Gabayan ang mga mag-aaral sa Gawain.)<br><br>**Panuto:** Punan ng letra ang patlang upang mabuo ang salita.<br><br>1. P _ G K A I N<br>2. T _B I G<br>3. K U R Y _N T E<br>4. P A G T _T I P I D<br>5. M _T I Y A G A<br><br>Susing sagot:<br>1. PAGKAIN | Iugnay ang paglalapat at paglalahat sa dula-dulaang isinagawa.<br><br>Itanong:<br>*1. Anong natutuhan mo sa dula-dulaan?*<br>*2. Sa palagay mo ba ay kaya mong gayahin ang mga mag-aaral ni Bb. Perez? Sa paanong paraan?*<br>*3. Bakit mahalaga ang pagtitipid tulad ng mga gamit sa paaralan at iba pa? Ipaliwanag*<br><br>Bigyang diin na: | Isasaalang-alang ang sariling paraan ng pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan ng mag-aaral.<br><br>Ipakita sa klase ang mga iginuhit ng mga mag-aaral.<br><br>*Itanong:*<br>*1. Bakit iyan ang pinili mong iguhit?*<br>*2. Paano ang gagawin mong pagtitipid?*<br>*3. Sa ginagawa mo bang pagtitipid ay makakaipon ka ng pera? Bakit?* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. KUWADERNO<br>4. MATIYAGA<br>5. PAGTITIPID<br><br>Itanong:<br>*1. Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain?*<br>*2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating isinagawang pagbuo ng mga salita?*<br>*3. Bakit mahalaga ang pagtitipid nang may pagtitiyaga?*<br>*4. Paano natin gagawin ang pagtitipid?*<br>*(Inaasahang Sagot: maingat na paggamit upang tumagal ang mga gamit)*<br><br>Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag-aaral ang mga sariling paraan ng pagtitipid.<br>Sabihin:<br>*Mahusay kayong lahat. Tama ang mga sagot ninyo! Palakpakan ninyo ang inyong sarili!*<br><br>*Bago tayo magpatuloy, may nais ba kayong itanong?* | 2. TUBIG<br>3. KURYENTE<br>4. PAGTITIPID<br>5. MATIYAGA<br><br>Itanong:<br>1. *Ano ang naramdaman/ damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain?*<br>*2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating isinagawang pagbuo ng mga salita?*<br>*3. Bakit mahalaga ang pagtitipid nang may pagtitiyaga?*<br>*4. Paano natin gagawin ang pagtitipid?*<br><br>Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag-aaral ang mga sariling paraan ng pagtitipid<br><br>Sabihin:<br><br>*Mahusay kayong lahat. Tama ang mga sagot ninyo!*<br><br>*Palakpakan ninyo ang inyong sarili!*<br><br>*Bago tayo magpatuloy, may nais ba kayong itanong? Kung malinaw sa inyo ang ating aralin ay umawit tayo ng 'Kung Ikaw ay Masaya'.* | *Ang sariling paraan ng pagtitipid ay makatutulong upang matugunan ang mga pangangailangan*<br><br>*Mahusay kayong lahat. Tama ang mga sagot ninyo! Palakpakan ninyo ang inyong sarili!* | *Mahusay kayong lahat. Tama ang mga sagot ninyo at naipakita ninyo ang mga paraan ng pag-iimpok!*<br><br>*Palakpakan ninyo ang inyong sarili!* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Kung malinaw sa inyo ang ating aralin ay umawit tayo ng 'Sampung mga Daliri'.* | | | |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | **Gawain 2: Sagutin mo.**<br>(Makikita rin ito sa *Learning Activity Sheet*.)<br><br>Panuto: *Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Isulat sa inyong sagutang papel ang letrang **T** kung tama ang ipinahahayag at **M** kung mali.*<br>1. Inilalagay ni Ana ang kaniyang lapis sa kaniyang *pencil case*. Iniingatan niya itong huwag mahulog upang hindi mabali o maputol ang dulo.<br>2. Inihahagis at ginagawang laruan ni Ron ang kaniyang lapis. Sobra din siya sa pag-ikot ng lapis sa pantasa kaya laging napuputol ang dulo nito.<br>3. Nag-*rerecycle* ng kuwaderno si Aly at ang kaniyang Ate Mae. Ginagamit nila ang mga | **Gawain 2: Sagutin mo.**<br>(Makikita rin ito sa *Learning Activity Sheet*.)<br><br>Panuto: *Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Iguhit sa iyong sagutang papel ang masayang mukha☺ kung tama ang pahayag at malungkot na mukha☹ kung mali.*<br>1. Ang pagtitiyaga ay kakayahang magpatuloy sa paggawa ng isang bagay sa kabila ng mga hadlang.<br>2. Ang pag-aaksaya ay gawi o pagkilos nang maingat at matalinong paggamit ng mga yaman o *resources* upang maiwasan ang pag-aaksaya at magkaroon ng ipon para sa hinaharap.<br>3. Ang kuryente ay mahalagang enerhiya na nagbibigay ng ilaw, nagpapatakbo ng mga gamit sa bahay, at nagpapagana ng maraming bagay na ginagamit natin araw-araw.<br>4. Ang *softdrinks* ay malinaw, walang kulay at walang | **Gawain 2: Sagutin mo.**<br>(Makikita rin ito sa *Learning Activity Sheet*.)<br><br>Panuto:<br>*Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Isulat sa iyong sagutang papel ang tsek ( ✓) kung tama ang pahayag at ekis (×) kung mali.*<br>. *1.* Matipid si Jef. Nag*rerecycle* siya ng kuwaderno katulong ang kaniyang Kuya Jan. Ginagamit nila ang mga natitirang pahina ng mga lumang kuwaderno.<br>2. Tuwing umuuwi si Mae sa kanilang tahanan galing paaralan ay pinupunit niya ang mga pahina ng kaniyang kuwaderno.<br>3. Maayos na inilalagay ni Ben ang kaniyang lapis | **Gawain 1: Sagutin mo.**<br>(Makikita rin ito sa *Learning Activity Sheet*.)<br><br>Panuto: Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Iguhit ang hugis puso♡ kung sang-ayon ka sa pahayag at hugis bilog○ kung hindi ka sang-ayon. Gawin ang pagsagot sa iyong sagutang papel.<br>1. Mahilig mag-impok si Mila kahit hinihikayat siyang laging bumuli ng kendi ng kaniyang mga kamag-aral. Lahat ng mga perang baon niya ay inilalagay niya sa kaniyang alkansiya.<br>2. Matiyagang nag-iimpok si Ron dahil nais niyang bigyan ng sorpresang regalo ang kaniyang tatay sa nalalapit na kaarawan nito.<br>3. Inihahagis at pinaglalaruan ni Jan ang kaniyang lapis. Sobra din siya sa pag-ikot sa pagtatasa kaya laging |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | natitirang pahina ng mga lumang kuwaderno.<br>4. Tuwing umuuwi si Ed sa kanilang tahanan galing paaralan ay pinupunit niya ang mga pahina ng kaniyang kuwaderno.<br>5. Matiyagang ginagamit ni Rona ang magkabilang bahagi ng pahina ng kuwaderno bago magbukas ng bagong pahina. Ginagamit din niya ang magkabilang bahagi ng papel bago ipunin upang maipagbili.<br><br>Susing sagot:<br>1. T<br>2. M<br>3. T<br>4. M<br>5. T | lasa na likido na iniinom natin upang manatiling malusog at masigla ang katawan<br>5. Ang pagkain ay nagbibigay ng lakas at nutrisyon upang mapanatiling malusog ang ating katawan.<br><br>Susing sagot:<br>1. ☺<br>2. ☹<br>3. ☺<br>4. ☹<br>5. ☺ | sa kaniyang *pencil case.* Iniingatan niya itong huwag mahulog upang hindi mabali o maputol ang dulo.<br>4. Ginagamit muna ni Roda ang magkabilang bahagi ng pahina bago magbukas ng bagong pahina. Ginagamit din niya ang kabilang bahagi ng papel bago ipunin at ipagbili.<br>5. Pinaglalaruan ni Kae ang kaniyang lapis. Sobra din siya sa pag-ikot ng lapis sa pantasa kaya laging napuputol ang dulo nito.<br>Susing sagot:<br>1. ✓<br>2. X<br>3. ✓<br>4. ✓<br>5. X | napuputol ang dulong panulat<br>4. Dahil sa husay ng pagsayaw ni Mae ay nagwagi siya at nakatanggap ng pera bilang premyo. Pag-uwi ng bahay ay inilagay niya agad ito sa kaniyang alkansiya.<br>5. Ibinigay mo ang naipon mong pera upang maipambili ng gamot para sa Kuya mo na biglang nagkasakit.<br><br>Susing sagot:<br>1. ♡<br>2. ♡<br>3. ○<br>4. ♡<br>5. ♡ |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa*<br>*Remediation (kung nararapat)* | Sabihin:<br>*Dahil naipakita ninyo na natutuhan ninyo ang sariling paraan ng pagtitipid at ang pagiging matiyaga, gagawa tayo ng papel na kahon. Narito ang paraan ng paggawa nito:*<br>• *Gagamit tayo ng recycled materials tulad ng lumang magasin o gift wrapper.*<br>• *Ihuhugis ito na maging parihaba na may sukat na 6x6 na pulgada.*<br>• *Itutupi ito nang ayon sa larawan.*<br><br>(Kung hindi matatapos ang gawain ay maaaring ituloy sa susunod na mga araw.)<br><br>Tanong:<br>*Ano ang naging damdamin ninyo habang ginagawa natin ang gawain?* | Sabihin:<br>*Mahusay ninyong natukoy at naisa-isa ang mga sariling paraan ng pagtitipid na may paglinang sa pagiging matiyaga.*<br>*Sanayin na bigkasin ang ating natalakay na tula.*<br><br>**Ako ay Magtitipid**<br>**Ang pagtitipid ay mahalaga**<br>**Matalinong paggamit ng tubig at kuryente ay isasagawa**<br>**Maging sa pagkain, kumuha ng sapat**<br>**Walang maaksaya, iyan ang dapat.**<br><br>Itanong sa mga mag-aaral:<br>*Ano ang naging damdamin ninyo habang binibigkas ang tula?*<br>*Bakit kailangan na tayo ay magtipid?* | Sabihin:<br>*Dahil naipakita ninyo na natutuhan ninyo ang sariling paraan ng pagtitipid at ang pagiging matiyaga, gagawa tayo ng papel na kahon.*<br>• *Gagamit tayo ng recycled materials tulad ng lumang magasin o gift wrapper.*<br>• *Ihuhugis ito na maging parihaba na may sukat na 6x6 na pulgada.*<br>• *Itutupi ito ng ayon sa larawan.*<br><br><br>Tanong:<br><br>*Ano ang naging damdamin ninyo habang ginagawa natin ang gawain?* | Sabihin:<br>*Dahil naipakita ninyo na natutuhan ninyo ang sariling paraan ng pagtitipid at ang pagiging matiyaga, gagawa tayo ng papel na kahon.*<br><br>Ang karagdagan sa ating gawain ay lalagyan natin ng mga palamuti o dekorasyon ang ating nagawang sobre.<br><br>Tanong:<br>*Ano ang naging damdamin ninyo habang ginagawa natin ang gawain?* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Bakit kailangan na maging matiyaga sa ating mga ginagawa?* | | *Bakit kailangan na maging matiyaga sa ating mga ginagawa?* | *Bakit kailangan na maging matiyaga sa ating mga ginagawa?* |
| *Mga Tala* | Mga Paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagpapahalaga na pagiging matiyaga.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | Mga Paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagpapahalaga na pagiging matiyaga.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | Mga Paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagpapahalaga na pagiging matiyaga.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | Mga Paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagpapahalaga na pagiging matiyaga.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. |
| *Repleksiyon* | Bilang guro-<br>*Natutuhan ko na* ___________ | Bilang guro-<br>*Natutuhan ko na* ___________<br>*Nabatid/narealize ko*________ | Bilang guro-<br>*Natutuhan ko na* ___________ | Bilang guro-<br>*Natutuhan ko na* ___________ |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Nabatid/narealize ko*________<br>*Nadama ko na*________________<br>*Nagpasya ako na ituon* _________________________<br>_ | *Nadama ko na*________________<br>*Nagpasya ako na ituon* ___________________________ | *Nabatid/narealize ko*______<br>*Nadama ko na*__________<br>*Nagpasya ako na ituon* _______________________ | *Nabatid/narealize ko*________<br>*Nadama ko na*___________<br>*Nagpasya ako na ituon* _________________________ |

Inihanda ni:

__________________________

Guro

Nirebyu ni:

__________________________

Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

__________________________

School Head